

## **Matuto Nang Higit Pa Tungkol sa Software ng Qualcomm Software at Mga Application**

Ang mga subsidiaryo ng Qualcomm Incorporated ay nag-aalok ng iba't-ibang software, application, at serbisyo upang makatulong na mapabuti ang paggana ng mobile device, tulungan na pangalagaan ang lakas ng baterya, at makatulong na mapabuti ang seguridad ng device. Kabilang sa mga software application ang mga sumusunod:

### **Qualcomm Location**

Ang Qualcomm Location (dating "IZat") ay teknolohiya na inalok ng Qualcomm Technologies, Inc. sa Estados Unidos, QT Technologies Ireland Limited sa mga bansa sa loob ng European Economic Area, at Qualcomm CDMA Technologies (Korea) YH sa Republika ng Korea (aka South Korea). Maaaring paganahin ng Qualcomm Location ang iyong device upang matukoy ang lokasyon nito nang mas mabilis at tumpak - kahit na ang iyong device ay hindi nakakakuha ng malakas na signal ng GPS. Maaaring makatulong ang Qualcomm Location sa iyong device na pangalagaan ang lakas ng baterya kapag gumagamit ka ng mga application o serbisyo na nangangailangan ng mga datos ng lokasyon. Kung gumagamit ka ng mga application na may kinalaman ang lokasyon, maaaring ipadala ng iyong device ang lokasyon nito sa naturang mga application provider. Ang impormasyon ng lokasyon na ibinigay sa mga application provider ay pinamamahalaan ng kanilang mga tuntunin at mga patakaran sa pribasidad. Inirerekomenda naming sumangguni ka sa mga tuntunin at mga patakaran sa pribasidad ng mga application provider na iyon.

Ang Qualcomm Location ay regular na nagda-download ng mga datos sa iyong device patungkol sa mga lokasyon ng malapit na mga cellular tower at mga WiFi access point. Ang mga datos na ito ay maaaring isama sa mga datos mula sa mga sensor sa iyong device tulad ng gyroscope o accelerometer upang matulungan ang iyong device na matukoy ang lokasyon nito at makatipid ng lakas ng baterya.

Ang Qualcomm Location ay nagpapadala sa amin ng isang natatanging software ID, lokasyon ng iyong device (longitude, latitude at altitude, at kawalan ng katiyakan nito) at malapit na mga cellular tower at mga Wi-Fi hotspot, lakas ng signal, at oras (kung pagsasama-samahin, "Mga Datos ng Lokasyon"). Tulad ng anumang komunikasyon sa Internet, natatanggap din namin ang IP address na ginagamit ng iyong device. Ginagamit namin ang mga Datos ng Lokasyon, mga ID ng software at mga IP address, at iba pang mga datos na kinokolekta namin upang tulungan kaming protektahan, suriin, at pahusayin ang paggana ng aming mga system.

Gumagamit ang Qualcomm Location ng iba't ibang makatwiran at naaangkop na mga hakbang sa seguridad upang protektahan ang mga datos na aming kinokolekta. Bilang karagdagan, hindi kami permanenteng nag-iimbak ng mga Datos ng Lokasyon sa iyong software ID o IP address, ni hindi kami nagtatangkang personal na makilala ang mga gumagamit ng Qualcomm Location. Upang mapahusay ang paggana ng system, ang iyong software ID at IP address ay mauugnay sa

mga Datos ng iyong Lokasyon sa loob ng tatlumpung araw mula ng ito'y matanggap pagkatapos ang kung aling oras na ito ay permanenteng tinanggal. Matapos tanggalin ang mga IP address at mga software ID, pinagsasama-sama namin ang mga Datos ng iyong Lokasyon upang lumikha ng isang hindi nakikilalang database tungkol sa mga lokasyon ng mga cellular tower at mga WiFi access point.

Kung ikaw ay nasa Republika ng Korea, ang serbisyo ng Qualcomm Location ay sumusunod sa Batas sa Pagprotekta ng Impormasyon tungkol sa Lokasyon o Location Information Protection Act ("Batas") at ikaw ay pahihintulutan sa mga may-katuturang karapatan sa ilalim ng Batas. Para sa mga katanungan o komento tungkol sa aming mga kasanayan sa Korea, mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa:

Qualcomm CDMA Technologies (Korea) YH  
Atensyon Legal na Departamento  
Ika-4, ika-15, ika-16 at ika-17 na Palapag  
119, Nonhyeon-dong, Gangnam-gu  
Seoul, 135-820  
Republika ng Korea  
Numero ng telepono: 82-2-3404-1114

### **Qualcom Technology Reporting (QTR) - Mga Istatistika ng Diagnostic**

Ang QTR ay teknolohiya na inalok ng Qualcomm Technologies, Inc. sa U.S., at QT Technologies Ireland Limited sa European Economic Area. Maaaring kolektahin ng QTR: (i) ang mga pangalan ng mga app na naka-install at/o gumagana sa device, (ii) impormasyon ng configuration (tulad ng gumawa, modelo, operating system at bersyon, firmware at mga bersyon, wireless carrier, mobile country code at network code, at chipset , (iii) mga istatistika tungkol sa pagtakbo at seguridad ng device (tulad ng CPU, GPU, o pagganap ng modem), at (iv) mga datos sa sensor na hindi makakakilala sa iyo, ngunit sinusukat nito ang mga paggalaw, oryentasyon, at mga kondisyon sa paligid ng telepono. Ang mga datos ay na-upload sa pamamagitan ng naka-encrypt na WiFi, o sa limitadong bilang, gamit ang iyong cellular network.

Ginagamit namin ang mga datos na kinokolekta ng QTR para sa mga layuning inilarawan sa Polisiyang ito, kasama upang matulungan kaming makabuo ng mga teknolohiya sa mobile para sa susunod na henerasyon para mapagbuti ang wireless na paggana, pangalagaan ang lakas ng baterya, bumuo ng makabagong hakbang sa seguridad, at pagbutihin ang aming mga operasyon sa negosyo. Maaari rin naming ibahagi ang mga datos ng QTR sa mga wireless carrier o mga tagagawa ng device upang matulungan silang mapabuti ang mga wireless na device, network, at seguridad.

Nag-aalok ang QTR ng opt-out sa pagkolekta ng mga datos sa menu ng mga setting ng Android sa ilalim ng heading, "Qualcomm Technologies Reporting". Ang pag-opt out ay hindi negatibong makaka-apekto sa paggana ng iyong device.

Ilang mga tala: Tulad ng anumang koneksyon sa internet, tatanggapin namin ang IP address na ginagamit ng device, ngunit agad naming binubura ito pagkatapos matanggap ito. Kung ipinadala sa amin ng QTR ang anumang mga datos na hindi nakilala sa Polisiya sa Pribasidad na ito na maaaring personal na mga datos, agad naming tatanggalin ang naturang mga datos pagkatapos matanggap ito. Ang ilang mga bersyon ng QTR ay mayroon ding kakayahan na mangulekta ng "international mobile equipment identifier (IMEI) ng device, ngunit ang kakayahang ito ay hindi kasalukuyang ginagamit. Kung, sa hinaharap, kinokolekta namin ang IMEI, ito ay kokolektahin para sa inihayag at kinakailangang layunin, at alinsunod sa lahat ng naaangkop na batas para sa proteksyon at pribasidad ng mga datos. Sa wakas, ang ilang mga bersyon ng QTR ay mayroon ding kakayahang mapahintulutan ka na mag-opt-in sa pagpapadala sa amin ng mga datos tungkol sa lokasyon ng device. Kung nagpasya kang sumali sa pagpapadala sa amin ng mga datos ng lokasyon, maaaring kolektahin namin ang lokasyon ng iyong device upang tulungan kami, halimbawa, upang malaman ang mga lugar na may mababang wireless signal coverage.

### **Snapdragon Smart Protect**

Ang Qualcomm® Snapdragon™ Smart Protect ay isang serbisyo sa seguridad ng software para sa mga Android-based devices ("Smart Protect") na hatid sa iyo ng QT Technologies Ireland Limited sa European Economic Area at Qualcomm Technologies, Inc. Sa Estados Unidos, sinusubaybayan ng Smart Protect ang pagkilos ng ang mga Android application sa device kung saan ito naka-install, at gumagamit ng machine learning upang kilalanin ang mga pagkilos na maaaring nagpapahiwatig ng malware, spyware, adware, at ransomware. Iniuulat ng Smart Protect ang gayong mga pagkilos sa mga third-party security application ng aming mga kostumer na naka-install sa parehong device.

Upang makatulong na mapabuti ang Smart Protect, at ang iba pang mga paggamit na inilalarawan namin sa Polisiya sa Pribasidad na ito, ipapadala sa amin ng Smart Protect ang buod ng (mga) potensyal na pag-diskubre ng malware kabilang ang pangalan ng app at ang gawain nito na nagdudulot ng babala, pangunahing mga datos tungkol sa device tulad ng gumawa, modelo, at bersyon ng operating system, at mga datos tungkol sa pagsasaayos ng device tulad ng setting ng wika, carrier, at country code.

### **Vellamo**

Ang Vellamo ay isang benchmarking software application para sa mga Android-based device ("Vellamo") na hatid sa iyo ng Qualcomm Innovation Center, Inc. Sinusuri at inuulat ni Vellamo ang paggana ng system ng device kung saan ito naka-install. Maaari mo ring piliin na ikumpara ang paggana ng iyong device sa iba pang mga device na sinubukan namin at, sa paggawa nito, maaaring ipadala sa amin ng iyong device ang mga resulta ng pagsubok at impormasyon ng system. Maaaring kabilang sa naturang impormasyon ang: ang pangalan ng tagagawa ng device, modelo at bersyon; impormasyon tungkol sa hardware sa iyong device tulad ng processor, memory, at magagamit na mga sensor; uri at bersyon ng operating system;

impormasyon sa display; internet protocol address, browser user agent, at impormasyon tungkol sa cellular network kung saan kumukonekta ang device. Ginagamit namin ang mga datos na kinokolekta namin para sa mga layuning inilarawan sa Polisiyang ito, kabilang na upang magbigay ng performance benchmarking service na iyong hiniling at upang isama ang mga istatistika ng tunay na mundo tungkol sa paggana ng mobile device.

### **XTRA – Predicted GNSS Satellite Orbit Data**

Ang XTRA ay teknolohiya na inaalok ng Qualcomm Technologies, Inc. sa Estados Unidos at QT Technologies Ireland Limited sa European Economic Area upang mapabuti ang paggana ng mobile device. Nagda-download ang XTRA ng data file mula sa Qualcomm na naglalaman ng mga hinulaang orbit ng Global Navigation Satellite System (GNSS). Ang paggamit ng XTRA data file ay nakakabawas ng oras kung kailangan ng device na kalkulahin ang lokasyon nito, kaya nakakatipid ng oras at lakas ng baterya kapag gumagamit ng mga application na batay sa lokasyon. Ang mga bagong bersyon ng XTRA software ay nag-a-upload din ng maliit na dami ng mga datos sa atin. Ginagamit namin ang nai-upload na mga datos para sa mga layuning inilarawan sa Polisiyang ito, tulad ng pagpapanatili at pagpapabuti ng kalidad, seguridad, at integridad ng serbisyo. Ang XTRA ay nag-upload ng mga sumusunod na uri ng mga datos: isang natatanging ID na nabuo nang walang tiyak na kaugnayan, ang pangalan ng chipset at serial number, XTRA software version, ang mobile country code at network code (nagpapahintulot sa pagkakakilanlan ng bansa at wireless operator), ang uri ng operating system at bersyon, gumawa ng device at modelo, ang oras mula noong huling na-boot ang application processor at modem, at listahan ng aming software sa device.